

1

Kagaya ng nakaraang mga gabi, madaming customers ang bar ni Alexi. Limang taon na rin ang nakalilipas simula nang itayo niya ang *Zephyr Bar*. Simula noon ay naging maganda ang takbo ng kanyang negosyo. Madami rin siyang patrons na gabi-gabi kung pumunta roon.

Dahil hindi pumasok ang isa niyang bartender, siya muna ang pansamantalang pumalit dito. Madalas niyang ginagawa iyon kapag kulang sila sa tao o kapag sobrang dami ng customer. Pagkatapos niyang ibigay sa isang customer ang order nito, lumipad ang mga mata niya sa isang babaeng nakaupo di-kalayuan sa bar counter.

Hindi ito kagaya ng mga babaeng pumupunta roon. Instead of tight jeans or short skirt, she was wearing a yellow floral dress. Her untamed raven curls were pulled back at her nape. Kahit madilim, kitang-kita niya na makinis at mala-sutla ang balat nito.

That was why she looked so out of place, sitting there in a dark corner with a bottle of beer on her hand. Matapos uminom ay ibinaba nito ang hawak

sa ibabaw ng katapat na lamesa.

She was really easy on the eyes. Hindi naitago ng damit ng babae ang magandang kurba ng katawan nito. Her ankles were delicate enough to make a man want to slide his hands from her feet all the way to the top of her legs. At alam niyang hindi lang siya ang lalaking nandoon na nakapansin niyon.

Sure enough, ilang sandali pa ay isang lalaki ang lumapit dito. Pero magalang lang na umiling ang babae rito. Ilang saglit ulit ang lumipas at isang lalaki na naman ang lumapit dito. But like the first one, she just politely shook her head. Tumayo na ito mula sa kinauupuan at may kinawayan na isang babae na nagsasayaw sa dance floor bago lumabas ng bar.

Nang lumabas ito, napansin niya ang isang lalaki na sumunod dito. Kaagad niyang itinigil ang ginagawa sa bar counter.

“Mike, ikaw muna ang bahala dito,” utos niya sa isa pa niyang bartender.

“Yes, Boss.”

Dali-daling lumabas si Alexi. Pinaalalahanan niya ang sarili na ginagawa niya lang ito dahil siya ang may-ari ng bar at tungkulin niya na pangalagaan ang kapakanan ng kanyang customers.

Wala pa siya sa labas ay naririnig na niya ang dalawang boses na nag-uusap.

“Come back in and dance with me,” anang lalaki.

“No. Gusto kong magpahangin muna. Salamat na lang,” tanggi ng babae sa tinig na napakasarap sa pandinig.

“Let me buy you another drink.”

“I think I’ve had enough.”

“Well, if you want peace and quiet, I could drive you somewhere else,” alok pa ng lalaki.

“No. Really, I—”

“Sige na. You look like you could use a good time and I’m...”

Hindi na nakatiis si Alexi at lumapit sa mga ito. Natigil sa pagsasalita ang lalaki nang mapansin siya.

“May kailangan ka ba?” tanong nito. Hindi siya nito kilala. Ibig sabihin, hindi ito isa sa mga patrons ng bar niya.

“Nagpapahangin lang,” aniya.

“At kailangan ba talagang dito ka pa magpahangin?”

Nagkibit-balikat lang siya. “Oo. Masama ba?”

Opposites Attract - Sansa Esguerra

Halatang nainis ang kausap. “Listen, we’re trying to have a private conversation here, so—”

“Nakakaistorbo ba ako?” tanong niya sa babae.

The woman glanced at him carefully. Alam niyang hindi ganoon katiwa-tiwala ang hitsura niya. His hair was too long. He wore a pair of earrings. And he was fond of his black leather jacket. Baka nga mas gustuhin pa ng babaeng ito na sumama na lang sa lalaking lumapit dito kaysa pagkatiwalaan siya.

Pero sa halip, umiling ito. “Hindi ka nakakaistorbo.”

Napasimangot naman ang lalaki na sumunod dito at padabog na bumalik sa loob ng bar.

Halatang nakahinga nang maluwag ang estranghera nang umalis ito.

“Bakit hindi ka na lang umuwi?” tanong niya sa babae.

Parang nagdalawang-isip muna ito bago sagutin ang tanong niya. “Pumunta ako dito kasama ng isang kaibigan. I don’t want to interrupt her fun.” Ngumiti ito sa kanya. “She had good intentions when she invited me.”

“Pero hindi ka bagay sa ganitong lugar.”

Hindi nito napigilang tumawa. “Hindi nga siguro. Isang beer pa lang ang naiinom ko, I already feel faint.”

“Do you feel sick?”

“Not quite,” iling nito.

“Gusto mo bang maglakad-lakad? P’wede kitang samahan.”

Tinitigan siyang muli nito na para bang pinag-aaralan siya. “I probably shouldn’t. Baka hanapin ako ng kaibigan ko.”

“Well, I really want to offer you a ride home, but I don’t think you’d want to ride on a motorcycle.”

Tiningnan nito ang suot na damit. “And I don’t think I’m dressed for it.” Ipinilig nito ang ulo na para bang nag-iisip. “I’ve never ridden a motorcycle before,” pahayag nito na para bang isang napakalaking sekreto ang sinabi nito sa kanya.

Hindi niya tuloy mapigilang ma-amuse dito.

“Do you want to see my motorcycle?”

Mabilis itong tumango.

Iginiya niya ito papunta sa parking lot ng bar. He stopped in front of his *Harley Davidson*. “Here she is.”

“Wow! Big, black and I’ll bet loud,” manghang saad nito.

Tumango siya at tumingin sa dalaga. “Ako nga pala si Alexi,” pagpapakilala niya.

“Marla Jane Santillan,” simpleng sagot nito.

“You can touch it if you want,” aniya nang mapansing nakatitig pa rin ito sa motorsiklo niya. “Wag kang mag-alala, it won’t bite.”

Nginitian siya ng babae at sinimulang hawakan ang gilid ng kanyang bike. “How long have you owned it?”

“Mag-iisang taon na rin.”

“Meron ka pang ibang bike bukod dito?”

“Yeah. A motorcycle is pretty much the only vehicle I drive.”

Napatitig ito sa kanya. “Talaga? You’ve never owned a car?”

“I have one but I don’t really use it.”

“Paano kapag umuulan?”

“Hinahayaan ko na lang na mabasa ako. Or sometimes, if I feel like it, I wear a raincoat.”

Napangiti ito sa sinabi niya at muling ibinalik ang tingin sa motorsiklo. “Would you mind starting it?”

“I don’t mind.” Kinuha niya ang susi sa bulsa ng kanyang pantalon. Sumakay siya sa motorsiklo at binuhay ang makina. “You want to sit on it?”

“Okay lang ba?” waring hindi siguradong tanong nito.

“Oo naman.” Bumaba si Alexi at tinulungan itong umupo sa two-wheeled vehicle.

She sat on the vibrating bike for a moment, then looked at him and smiled. A real smile. And he would be damned kung hindi niya aaminin sa kanyang sarili na nagustuhan niya ang ginawa nitong pagngiti.

“Ganito ba talaga ’to, masyadong makalog?”

Umiling siya. “No. Kapag umaandar na ’yan, you’ll feel like you’re riding the wind.” Nakita niya sa ekspresyon ng mukha ni Marla na nais nitong masubukang sakyan ang motorsiklo niya. “If you want to ride it, I have two helmets.”

Umiling ito. “I shouldn’t.”

“Kung gusto mo, we could just stick to the road beside this parking lot.”

Nilingon nito ang katabing kalsada. “We can stay on that road? We won’t go anywhere else?”

“Nowhere else,” paniniguro niya. At muli ay tiningnan siya nito na para bang pinag-aaralan siya. Mukhang ang problema talaga ng dalaga ay siya at hindi ang pagsakay sa motorsiklo. Napailing na lang siya. Hindi rin niya maintindihan kung bakit pinipilit niya ang babaeng ito na sumakay sa motorsiklo niya. “Is it the hair or the earrings?”

Bigla itong namula. “No, it’s not that. I’m sorry if I offended you. Hindi lang kasi ako sanay na gawin ang mga ganitong bagay.”

“I can tell.”

Muli nitong tiningnan ang kanyang *Harley Davidson*, pagkatapos ay ibinaling ang tingin sa kanya. She smiled self-consciously. “Can you take me for a slow ride?”

“Of course.” Isinuot niya rito ang extra niyang helmet at muling sumakay sa motorsiklo. “Hold on tight.”

Mabilis nitong ipinulupot ang mga kamay sa baywang niya. Nang paandarin na niya ang motorsiklo ay mas lalo pang humigpit ang pagkakahawak ng babae sa kanya. Sa pagkakadikit ng kanilang mga

Opposites Attract - Sansa Esguerra

katawan, iba't ibang imahе ang pumasok sa kanyang isipan. Images that only made him hot to the core.

Huminga nang malalim ang binata at mabilis na pinalis ang isiping iyon.

Ilang beses din siyang nagpabalik-balik sa kalsada bago niya muling iparada ang sasakyan sa parking lot.

“It’s wonderful!” komento ni Marla, hindi maitago ang excitement sa tinig nito. “Ang saya talaga! Para akong nagbalik sa pagkabata. I want to ride it again.”

“I could drive you home,” alok niya.

Namutawi ang katahimikan sa pagitan nila bago ito muling nagsalita.

“Nababaliw na ’ata ako.”

Bahagyang kumunot ang kanyang noo. “Bakit naman?”

“Because I’m considering it.”

Napangiti siya sa sinabi nito. “Then dapat magpaalam ka muna sa kaibigan mo.” Tinulungan niya itong bumaba sa motorsiklo niya. “Tell her my name, it’s Alexi Mendoza. P’wede niyang itanong sa bartender kung sino ako, para naman malaman niya

na you're in good hands at hindi siya dapat mag-alala." He removed her helmet and resisted the urge to touch her mussed hair.

Marahan lang tumango si Marla. Pumasok na ito sa bar at makalipas ang ilang sandali ay lumabas na itong muli at lumapit sa kanya.

"Nakapagpaalam ka na?"

"Oo. So, let's go?"

"Yes, let's go."

Muli nitong isinuot ang helmet at sumakay sa likod ng kanyang motorsiklo. "I can't believe I'm doing this."

"Well, you only live once. Hindi naman siguro masama kung gumawa ka ng mga bagay na hindi mo madalas na ginagawa."

"Yeah, I know," sang-ayon nito. Hindi nakalampas sa kanya ang kalungkutan ng dalaga habang sinasabi iyon.

Hindi maintindihan ni Marla Jane, pero kakaiba ang kasiyahang nadarama niya habang nakasakay sa motorsiklo ni Alexi. Para siyang lumilipad. The wind

almost seemed to blow her emptiness away.

Napakagaan ng pakiramdam niya na para bang unti-unti nang bumabalik ang kalayaang nawala sa kanya. At that moment, the only important thing was the powerful and perfectly balanced man who was taking her for the ride of her life.

Parang nakalimutan na niya ang kanyang sarili. Ni hindi nga niya maipaliwanag kung bakit siya nagpahatid sa isang lalaking hindi naman niya masyadong kilala. Nababaliw na nga siguro talaga siya.

Nang makita niya ang subdivision kung saan nandoon ang kanilang bahay, kusa rin siyang bumalik sa realidad. Lumiko ang motorsiklo sa isang kanto at tumigil sa tapat ng isang malaking bahay. Nang patayin ni Alexi ang makina ay nanatili lang silang nakaupo sa motorsiklo.

“Nice house,” basag nito sa katahimikan. “You still there?”

Tinanggal niya ang helmet at tumikhim. “I’m numb.”

He chuckled and the sound vibrated through her. Bumaba ito sa motorsiklo at tumingin sa kanya. “Is that good or bad?”

Nagkibit-balikat siya. “Ewan ko, but the ride was great.”

He held her hand and his simple touch brought shivers down her spine. Tinulungan siya nitong bumaba sa motorsiklo. Pagbaba ng paa niya sa lupa, biglang bumigay ang kanyang tuhod.

Instinctively, she reached for him. “Sorry,” nahihiya niyang saad.

“Weak in the knees?” amused na sabi nito. “I’m flattered.”

“It’s not because of you,” she retorted. Alam niyang namumula na siya nang mga oras na iyon. “Hindi lang ako sanay sumakay ng motorsiklo.”

“I’m just joking, Marla Jane.”

Mahigpit siyang humawak sa braso nito. Huminga siya nang malalim at tiningnan ito nang derecho sa mga mata. His eyes were honest and gentle, at odds with the earrings and long hair.

“I’ll walk you, kahit hanggang gate man lang.” Inalalayan siya nito hanggang makarating sila sa tapat ng gate.

“Gusto mo bang uminom muna ng kape?” alok niya.

“Hindi na. I’m heading home.”

Nang makatayo na sa sariling mga paa, hindi na niya napigilan ang iba’t ibang emosyong bumaha sa kanyang kalooban. Inalis siya nito sa nararamdaman niyang kahungkagan at ngayon ay hindi niya alam kung ano ang gagawin sa kanyang sarili.

“Salamat nga pala,” aniya. “I haven’t felt like this in a long time.”

“Felt like what?” tanong nito. His dark eyes glinting with humor. “Numb?”

Marahan siyang umiling. “No. Alive.”

She felt emotional and impulsive. Na hindi naman niya madalas maramdaman. And all kinds of reckless thoughts just swam inside her head. Hindi niya alam kung dahil lang iyon sa beer na nainom niya or Alexi’s combination of danger and gentleness.

Pinalis ni Marla ang lahat ng isiping iyon. At sinabi na lang dito ang kung anumang nasa isipan niya.

“Would you please kidnap me again?”

2

Masayang binati si Marla ng mga kasamahan niya sa ballet company. Katatapos lang ng meeting para sa gagawin nilang performance para sa magaganap na anibersaryo ng pagkakatatag ng kanilang ballet troupe. Taun-taon nilang ginagawa ang special performance na iyon. And this year, their president decided that they should perform a classic, *Swan Lake*.

At siya ang napili para gumanap na Giselle. Ang prinsesang sinumpa ng isang warlock upang maging isang swan. At tanging tunay na pag-ibig lamang ang makakabali ng sumpang iyon.

Sa ilang taon niyang pagiging isang ballet dancer, ilang beses na rin siyang napili para gumanap sa mga lead roles. Kaya hindi na rin siya masyadong kinakabahan. She had been dancing ever since she was six.

Noong una ay ginagawa niya lang iyon dahil sa kagustuhan ng kanyang mga magulang, pero hindi nagtagal ay nagustuhan na rin niya ang pagsasayaw. It was her only passion. Masasabi niyang ito ang tanging bagay na ginagawa niya na hindi niya kailangang

i-consider ang mga magulang.

Simula pagkabata ay wala na siyang ibang ginawa kundi sumunod sa mga kagustuhan ng mga magulang. Nabuhay siya na laging ginagawa ang mga bagay na nakakapagpasaya sa mga ito. Iyon lang kasi ang tanging paraan na alam niya para ipakita sa mga ito ang pagmamahal niya.

She lived a sheltered life. Hindi naman niya itatanggi iyon. Masyado kasing protective ang kanyang pamilya, partikular na ang kanyang ama at nakatatandang kapatid na lalaki. Siya kasi ang bunso at nag-iisa pang anak na babae, kaya sobra na lang kung protektahan siya ng mga ito. Mabuti nga ngayon at hindi na masyadong bantay-sarado sa kanya ang mga ito. Dati kasi, ni hindi siya makaalis ng bahay nang walang kasamang chaperone.

Pero kahit nasasakal na siya, kahit minsan ay hindi niya naisip na magrebelde. Dahil alam niyang ginagawa lang ng mga ito iyon dahil sa pagmamahal sa kanya.

Kaya tuloy ang nangyari, para siyang isang ibon na nakakulong sa hawla na siya rin mismo ang gumawa.

Subalit nitong nakaraang mga araw, hindi na

makaramdam ng kasiyahan ang dalaga. She felt like she needed to break free. Parang hindi na siya magiging masaya kung hindi niya gagawin iyon.

Kaya siguro napapayag siya ni Alexi Mendoza na sumakay sa motorsiklo nito. The ruggedly handsome man and his slick motorcycle made her feel alive again. All the emptiness she felt suddenly vanished. Naalala niya ang sinabi nitong minsan lamang nabubuhay ang isang tao. And she couldn't agree more.

Naputol ang kanyang pag-iisip nang may biglang umabrisete sa kanya. Nilingon niya ito at nakita ang kaibigang si Roxanne.

“Congrats on taking the lead role,” bati nito.

Isa rin itong ballet dancer kagaya niya. “Salamat.”

Bigla siyang hinila nito palayo sa mga kasamahan nila. “Hey, kanina ko pa ’to gustong itanong sa ’yo. You didn’t do anything you shouldn’t with the man you met last night, did you?”

Umiling siya. “No, of course not. All I did was go for a ride.”

Napataas ang isang kilay nito. “A ride?”

“On his motorcycle,” paglilinaw niya. “It was

fun.”

“Well, okay lang naman na magsaya ka. But I got some info on that Alexi Mendoza after you left last night. Apparently, he’s the owner of that bar. He loves to do dangerous stuff, like motorcycle exhibitions. At ’eto pa, according to the women who know him, he’s untamable,” mahabang turan nito. “He’s not your type.”

Unti-unti niyang na-digest ang mga impormasyong sinabi ng kaibigan tungkol kay Alexi. “I didn’t know I had a type.”

“Of course you do,” mariing saad nito. “You should go out with a well-educated, politically conservative man who has his own company and enjoys classical music.”

“That sounds like my father.”

“Exactly. Eh, di ba nga bata pa lang tayo, lagi mo nang sinasabi na you would marry a guy like your father?” paalala nito.

Hindi niya iyon maitatanggi. Pero hindi nga ba at ang madalas na epitome ng mga babae for their ideal man was their own father?

“Just like you said, bata pa lang tayo n’on. At isa

pa, if what you said were true, dapat hindi mo na lang ako sinama sa *Zepyhr Bar* kagabi. I wasn't going to find that kind of man at that place."

"Yeah, that was my fault. Dapat talaga hindi na lang kita isinama d'on. Tiyak na magagalit sa 'kin si Tito at ang masungit mong kuya kapag nalaman niya na dinala kita sa isang bar."

Nginitian na lang niya ito. "Rox, hindi magagalit sina Papa at Kuya kung hindi nila malalaman. And what they don't know won't hurt them."

Nasa ibang bansa ang mga magulang niya ngayon para sa long-awaited second honeymoon ng mga ito. Ang kuya naman niya ay masyadong abala sa pamamahala sa negosyo ng kanilang pamilya. Kailan lang kasi ipinasa rito ng papa nila ang pagiging CEO ng kompanya, kaya wala na itong masyadong oras para pagtuunan pa siya ng pansin.

"You're right. And it's not as if makikita mo pa ulit ang lalaking 'yon."

Marla wasn't too sure of that. Because last night, she made that insane request, for him to kidnap her again. Pero siguro naman nasa matino pang pag-iisip si Alexi para hindi pansinin ang kahilingan niyang iyon.

Kinahapunan, nagpasundo si Marla sa driver nilang si Mang Isko. Coding kasi ang sasakyang niya. Pagkapasok sa subdivision, nang malapit na sila sa bahay, kaagad niyang napansin ang isang pamilyar na bulto na nakatayo di-kalayuan sa gate nila. Nakasandal ito sa isang malaking motorsiklo.

Parang tumalon ang puso niya nang mapagsino ito.

Looks like he's not sane enough to refuse my offer.
“Mang Isko, pakitigil na po ng kotse.”

“Okay po, Ma’am,” anang driver kahit na halatang nalilito sa utos niya.

Pagkatigil ng sasakyan, kaagad na siyang bumaba at lumapit kay Alexi. Hindi niya mapigilang pasadahan ito ng tingin. Clad in a black leather jacket and well fitting jeans, he looked bigger, sexier, even hotter than the way he looked last night.

“W-what are you doing here?”

“You made me an offer I couldn’t refuse,” turan nito, with a wicked grin of amusement.

Sinabi na nga ba niya. “My offer...”

He leaned forward and she caught his clean, musky scent. “You asked me to please kidnap you.”

Para namang sumirko ang puso niya dahil sa sinabi nito. How did he make it sound better than a hot-fudge sundae? “Sinabi ko nga ’yon. It’s amazing what one beer can do, isn’t it?” Huminga siya nang malalim. “Wala ako sa sarili ko when I said that to you.”

“Who were you then?”

“I... uhm... I’m not usually that impulsive.”

“And?”

“I just think...” Hindi niya naituloy ang sasabihin nang bigla itong lumapit at hawakan ang ilang hibla ng buhok niya na kumawala sa pagkakapuyod.

“Pinagsisisihan mo ba na sumama ka sa ’kin kagabi?”

“No,” mabilis niyang tanggi. “It was wonderful.”

Tiningnan siya nito sa mga mata. “Hindi ka lang sigurado kung gusto mo pang maulit ’yon.”

Hindi maitatanggi ni Marla ang uncertainty na nararamdaman. Kahit kailan kasi ay hindi pa niya ginawa o sinabi ang mga bagay na iyon sa isang lalaki.

Partikular na sa isang lalaking kagaya ni Alexi. Pero mayroon pa ring isang bahagi ng kanyang puso na gustung-gustong sumama rito.

Nabasa marahil nito ang kanyang iniisip, kaya tumayo lang ito roon na parang hinihintay ang sagot niya. Ipinikit niya ang mga mata dahil hindi siya makapagpasya kung pagbibigyan ang sinabi niya rito o hindi. Narinig na lang niya ang tunog ng papaalis na sasakyan. Nang buksan niya ang mga mata, wala na ang lalaki.

Nang nagdaang araw pa wala sa mood si Alexi. Naiinis siya sa mga tauhan niya, pati mga walang malay niyang customers ay gusto niyang pagbalingan ng inis na nadarama. At kapag naiisip niya ang rason kung bakit siya masyadong irritable, parang gusto lang niyang sirain ang lahat ng nakikita niya.

Of all things, he was in a bad mood over a woman. Madami na siyang naging karelasyon, but he'd never spent his day and night in angst over any woman in his life. Gusto ng mga babae ng commitment at kasal. Isipin pa lang niya na matatali siya sa isang kalahi ni Eba ay parang nasasakal na siya. So he made a policy to never get worked up over a woman.

Partikular na sa isang babaeng laging nakasuot ng conservative na damit, nakatira sa isang exclusive subdivision and had 'prim and proper' written all over her. Senyales ito na kahit kailan ay hindi magtatagpo ang mga mundo nila.

Kung ganoon, bakit hanggang ngayon ay iniisip pa rin niya si Marla Jane? She wasn't right for him even on a temporary basis. She was uptight and upright with no imagination or sense of adventure.

Pero hindi pa rin niya makalimutan ang sensasyong naramdaman niya habang nakasakay sila sa kanyang motorsiklo at magkadikit ang kanilang mga katawan.

Biglang bumukas ang pinto ng opisina niya at pumasok si Mike. "Boss, may babaeng naghahanap sa 'yo sa labas."

"Sabihin mo busy ako."

"Eh, Boss, kailangan ka daw niyang makausap."

Napasimangot siya. "Sige na, papasukin mo na."

Paglabas ng bartender, ilang sandali pa ay bumukas muli ang pinto at iniluwa niyon ang babaeng laman ng kanyang isipan noon pang nakaraang araw.

"Hi, good afternoon. Nakakaistorbo ba ako?"

Opposites Attract - Sansa Esguerra

She wore a long skirt and a white cottony blouse. Too discreet and feminine for his taste. But still, she looked beautiful.

“May kailangan ka ba?” pormal niyang tanong.

“Well, uhm... you see... gusto sana kitang yayaing mag-lunch.”

Nagulat siya sa sinabi nito. Pero mas nagulat siya sa nakitang pamumula ng babae. Mukhang inipon nito ang lahat ng lakas ng loob para lang masabi iyon sa kanya.

“Sigurado ka bang hindi na magbabago ang isip mo?”

She smiled shyly. “No.”

And just like that, bigla na lang gumanda ang mood niya at ang lahat ng nararamdaman niyang pagkainis ay naglaho.

“Then I prefer kung dito na lang tayo kakain ng lunch. Wag kang mag-alala, masarap magluto ang cook ko dito.”

Tuwing umaga kasi ay isang normal na kainan lang ang bar niya. Pagdating lang ng gabi ay saka sila nagseserve ng alak.

“Okay.”

Hindi maintindihan ni Marla kung bakit siya pumunta sa bar ni Alexi. Ang alam lang niya, pagod na siyang mamuhay nang palaging sumusunod sa rules. Gusto na niya ng pagbabago. Mga pagbabagong kailangan para mawala na ang nararamdaman niyang kahungkagan. And the first thing she needed to do to start that change was to face Alexi.

Ito na ang um-order ng kakainin nila.

“Is the food to your liking?” tanong nito habang kumakain sila.

“Oo naman. Ilang taon na ’tong bar mo?” naisipan niyang itanong.

“Over five years.”

“Matagal-tagal na rin pala. Mahirap bang magpatakbo ng sariling negosyo?”

“Hindi naman. But in a business like this, hindi mo talaga mapipigilan na makaramdam ng inis paminsan-minsan. Lalo na kapag meron kang tauhan na hindi marunong sumunod sa simpleng instruction o kapag may mga pasaway kang customer.” Napatitig ito sa kanya. “Ba’t mo naitanong?”

Nagkibit-balikat ang dalaga. “Wala, curious lang ako. You see, my family owns a business but I’ve never been involved in it. Kaya hindi ko talaga maisip kung gaano kahirap magpatakbo ng sarili mong business.”

“Bakit hindi ka involved sa business ng family mo?”

“Well... first, because they won’t let me and second, I don’t think na makakatulong ako sa kanila.”

“Hey, minamaliit mo ba ang sarili mo?”

“Hindi naman. You see, I’m a ballet dancer. Ano’ng maitutulong ng ballet sa business?”

“You’re a ballet dancer?” anito na parang hindi makapaniwala sa sinabi niya.

“Oo. Ito naman kung makapag-react, parang sinabi ko sa ’yo na si *Wonder Woman* ako, ah.”

“Sorry. It’s just that, this is the first time that I met an actual ballerina. Nasorpresa lang ako,” katwiran ng binata.

“Mukha nga. Hindi ka pa siguro nakakapanood ng kahit isang ballet performance, ’no?” panghuhula niya.

“Nope. And I’m not planning to. Sorry, no offense

meant, ha? But I really find ballet boring.”

Napatangu-tango siya. “Why, I’m not really surprised to hear that. A typical opinion from a man who loves motorcycles. Hindi ka pa nga nakakapanood, sinasabi mo na agad na boring.”

Napatawa si Alexi. “Guilty as charged.” Nangalumbaba ito at tumingin sa kanya. “So, Miss Ballerina, ano nga ba’ng nakapagpabago sa isip mo at pinuntahan mo ako dito? The last time I remember, ni ayaw mo nang sumakay ulit sa motorsiklo ko.”

Bakit nga ba? Huminga muna siya nang malalim bago tumugon. “Hindi ko rin alam. But yesterday, I read this quote at hindi talaga siya maalis sa isip ko. ‘If you want to feel more alive, do something that scares you.’” She met his gaze. “You scare me.”

Isang mapaglarong ngiti ang sumilay sa mga labi nito. “Is that so?”

Makalipas ang ilang sandali pagkatapos nilang kumain, nagprisinta si Alexi na ihatid siya sa bahay. Hindi na siya tumanggi dahil gusto rin niyang sumakay ulit sa motorsiklo nito.

Pagdating nila sa tapat ng bahay niya ay tinulungan siya nito na bumaba roon.

“Mukhang nasasanay ka nang sumakay ng motorsiklo ko, ah,” komento nito habang inaalis ang kanyang helmet.

“Medyo.”

“Pretty soon you’ll be driving a bike to work wearing a leather jacket.”

Hindi naman niya mapigilang mag-imagine ukol sa sinabi nito. “I think the president of our ballet company prefers a different image for her ballet dancers.”

Napailing ang lalaki. “Wow! Image. Ang hirap siguro na palagi mong iniisip ang magiging image mo. I wonder if you’ve led a much protected life, Miss Marla Jane.”

“Somewhat,” pag-amin niya.

“Kahit kailan siguro hindi mo pa nasubukang manigarilyo, tama ba ako?”

Umiling siya. “Never.”

“Hindi mo pa rin siguro nararanasang magsugal o makipagpustahan man lang.”

“Nope.”

Tinitigan siya nito at unti-unting lumapit sa

kanya. “Have you ever kissed a man who owns a bar?”

“Uhm... not really.” Nang ibaba nito ang mukha sa kanya ay mabilis niyang itinaas ang kamay sa pagitan nila. “I think I’ve done enough scary things for today. Ayoko nang dagdagan pa ’yon.”

He grinned and moved his mouth a breath from hers. “Kung sapat na sa ’yo ang ginawa mo ngayong araw, then let me take care of the following days,” he whispered. “I’ll be more than glad to help you do your scary stuff.”

Then he brushed her cheek lightly with his lips and smiled at her devilishly.

3

“Ayokong makipag-blind date,” mahinahong saad ni Marla kay Roxanne. Nasa loob sila ng dance studio. Kasalukuyan silang nagpapahinga mula sa kanilang rehearsal.

“Bakit? Eh, di ba nga sinabi mo sa ’kin, you were going to try to do one thing every day that scares you?”

Parang gusto niyang pagsisihan na sinabi pa niya iyon sa kaibigan. “Hindi naman ako natatakot sa prospect ng blind date. It makes me nauseous.”

“Don’t worry, he’s a great guy. He’s a perfect match for your personality. Hindi kagaya n’ung...” Pinutol nito ang sasabihin at tiningnan siya nang makahulugan. “Nakikipagkita ka pa rin ba sa Alexi na ’yon?”

“I’ve seen him a couple of times. It’s nothing serious or heavy.” Pagkatapos kasi noong araw na pumunta siya sa bar ni Alexi ay ilang beses pa ulit silang nagkita.

Napabuntong-hininga ito. “May crush ka sa kanya?”

Bigla siyang namula. “Wala, ’no!” mabilis niyang tanggi. “He’s just... well, different.”

“Crush mo nga siya,” kumpirma nito.

“Sinabi nang hindi, eh!”

“Then patunayan mo. Lumabas ka kasama nitong inirereto ko sa ’yo. You will meet someone nice at baka matulungan ka pa niya na makapag-isip-isip tungkol d’yan sa ginagawa mong pakikipagkita sa bar owner na ’yan.”

“Hay! Sige na nga, pumapayag na ’ko,” wala nang nagawang pagpapatianod niya. “Kailan ba ’tong blind date na ’to?”

“Mamayang gabi.”

“At parang sigurado ka talaga na papayag akong makipag-date d’yan sa kung sino mang inirereto mo.”

“Syempre. Malakas yata ang convincing power ko.”

Napailing siya. “Ikaw talaga. Napaka...” Hindi na niya natuloy ang sasabihin dahil sa biglang pagtunog ng cellphone niya. “Excuse me.” Lumayo siya nang kaunti sa kaibigan at sinagot ang telepono. “Hello?”

“Hey, Miss Ballerina.”

Napangiti siya nang marinig ang baritonong tinig sa kabilang linya. “Alexi.”

“Anong oras matatapos ang rehearsal mo?”

“Mga five pa siguro. Bakit?”

“Susunduin sana kita. Then we could go to this pet shop. Di ba sinabi mo gusto mong magkaroon ng pet dog?”

Nagulat ang dalaga. Minsan lang niya nabanggit sa binata ang tungkol sa bagay na iyon. Hindi niya talaga inaasahan na matatandaan pa nito. Na-touch naman siya. She was on the verge of saying ‘yes’ nang maalala niya na mayroon nga pala siyang dapat puntahan na blind date.

“Uhm... I don’t think I can go today. Meron kasi akong kailangang puntahan mamaya. Maybe some other time?”

“Okay. Some other time then.”

Nang matapos ang pag-uusap nila, bigla siyang nakaramdam ng panghihinayang. Kung hindi sana siya pumayag na makipag-blind date, si Alexi ang kanyang makakasama ngayong gabi.

Napabuntong-hininga siya. Napapansin niya kasi na lagi na lang niyang gustong makasama ang lalaki.

Naalala niya ang sinabi ni Roxanne na crush niya ito. Marahas siyang napailing.

Hindi! Kailangang niyang ipaalala sa sarili na ang tanging dahilan kaya siya sumasama kay Alexi ay dahil sa kakaibang thrill na ibinibigay nito sa buhay niya. That was all. Nothing more, nothing less.

Kabababa lang ni Alexi ng telepono nang bumukas ang pinto ng kanyang bahay at pumasok ang limang taong gulang na pamangkin niya. Kaagad siya nitong sinugod ng yakap.

“Tito Alex!”

Ginulo niya ang buhok nito. “Hey there, little man. Sino’ng kasama mo?”

“Si Mommy po.”

Pumasok ng isang matangkad na babae. Lumapit ito sa kanya at hinalikan siya sa pisngi. “Hi, Kuya. P’wede ko bang iwan muna dito si Carlson? Babalikan ko rin siya mamayang seven,” bungad ng kapatid na si Gail. “Overtime kasi ngayon si Nico. ”Tapos ako naman, may dapat asikasuhin,” dagdag pa nito na ang tinutukoy ay ang asawa. “So, okay lang ba na dito muna siya?”

“May magagawa pa ba ako?” Sanay na rin siya na alagaan ang pamangkin. Kapag parehong abala ang mag-asawa ay sa kanya iniwan ng mga ito ang bata. Wala naman kasi itong ibang mapag-iiwanan dahil ang mga magulang nila ay nakatira sa probinsya. Mabuti na lamang pala at hindi sila natuloy na lumabas ni Marla.

“Salamat, Kuya. You’re really a lifesaver.”

“Tito, can I watch TV?” tanong ni Carlson.

“Okay. But sit on the sofa and not in front of the TV,” aniya. May ugali kasi ang pamangkin na umupo ng malapit sa telebisyon kapag nanonood.

“Yes, Tito.” At dali-dali na itong pumunta sa living room para manood ng telebisyon.

“Alam mo, Kuya, why don’t you get serious with a woman? You’re really good at kids, I bet you’ll be a great husband.”

Pinaikot niya ang mga mata sa sinabi ng kapatid. Simula yata nang mag-asawa ito ay hindi na ito tumigil sa kakukulit sa kanya na lumagay na rin siya sa tahimik.

“Magseryoso sa isang babae? Never,” tugon niyang iiling-iling pa.

“Hindi ako nagbibiro. You’re missing out on something that could make you very happy.”

“Yeah, right.”

Hindi nito pinansin ang sinabi niya. “Are you seeing anyone now?”

Nagkibit-balikat siya nang maisip si Marla. “Yeah, but it’s just for fun. Nothing serious. She’s not my type.”

“Bakit? Dahil mas prefer niya ang *Kawasaki* over a *Harley*?”

Napatawa siya. “Baka nga hindi niya alam ang pagkakaiba ng dalawang ’yon.”

Biglang nanlaki ang mga mata nito. “She’s not a motorcycle fan? My gosh! Then, siguro parang laging kulang-kulang sa tela ang mga sinusuot na damit ng babaeng ’yon kaya pinagtiyagaan mo na.”

“Not really. Lagi ngang lampas-tuhod ang mga damit na suot niya.”

Lalong nanlaki ang mga mata ni Gail. “Oh my! Are you actually going out with a nice girl?”

Napabuntong-hininga siya. “She’s nice. She’s not my type and I’m not hers. We...” Napatigil siya

Opposites Attract - Sansa Esguerra

sa pagsasalita. Ano nga ba ang dahilan at hanggang ngayon ay lumalabas pa rin sila ni Marla? At hanggang ngayon, hindi pa rin siya nagsasawa na samahan ito? “Natutuwa lang kami sa isa’t isa. That’s all.” Tama. Iyon lang talaga ang dahilan.

Kinagabihan, matapos sunduin ng kapatid ang pamangkin ay dumerecho na si Alexi sa bar. Dalawang oras lang siyang nanatili roon bago siya nagdesisyon na umalis. Ipinaubaya na muna niya kay Mike ang bar. Bukod sa pagiging bartender, ito rin ang tauhan na higit niyang pinagkakatiwalaan. Kaya kampante talaga siyang iwan ang pamamahala ng bar dito.

Balak sana niyang mag-joyride. Hindi na siya madalas na nakakapaglibot tuwing gabi sakay ng motorsiklo. Pero sa halip na maglibut-libot, natagpuan na lang niya ang sarili na tinatahak ang daan papunta sa bahay ni Marla.

Malapit na siya roon nang makita niya ang isang kotse na tumigil sa mismong tapat ng bahay. Inihinto niya ang sasakyan sa di-kalayuan at pinanood ang sumunod na mga pangyayari.

Mula sa kotse ay lumabas ang isang lalaki. Pumunta ito sa tapat ng passenger seat at binuksan

iyon. At nagulat siya nang bumaba roon ang babaeng pakay niya.

She had a date?

Magkahalong amusement at iritasyon ang bigla niyang naramdaman. Kaya pala ito hindi nakasama sa kanya ay dahil sa mayroon itong date.

So? No big deal, aniya sa sarili.

Walang namamagitan sa kanilang dalawa. She amused him, she was sweet and something about her made him feel protective of her. Iyon lang iyon.

Nang makita niya na tumungo ang lalaki na para bang hahalikan nito si Marla, his gut suddenly tightened and some primitive instinct just coursed through him. Naikuyom niya ang kamao.

Kusang nag-relax ang mga muscles niya sa katawan nang makita niyang lumayo rito ang dalaga at marahang umiling. Napailing na lang siya. Ano ba ang nangyayari sa kanya? He didn't like this. He didn't like it at all! Huminga siya nang malalim at pinaandar na lang ang sasakyan palayo sa mga ito.

Kailangang siguruhin ni Alexi na ang nararamdaman niya ay pansamantala lamang. The familiar sensation of the cool wind blew the crazy

thoughts out of his head. At nagdesisyon siya na bumalik sa bahay ni Marla.

Pagkatapos niyang magpalit ng damit, kaagad nang nahiga si Marla sa kanyang kama. Hindi niya akalain na sobra palang nakakapagod ang makipag-blind date. Halos mag-plaster siya ng isang pekeng ngiti para lang ipakita sa kanyang date na interesado siya sa mga sinasabi nito.

Mabait naman si Lance, ang lalaking naka-date niya, pero sa tuwina ay hindi niya talaga mapigilan ang sarili na ikumpara ito kay Alexi. Kapag ang huli ang kasama niya, hindi niya kailangang magpanggap na masaya siya. Ayos lang na makita nito kung sino talaga siya. Hindi siya nahihiya na ipakita rito ang mga ugali niya na baka hindi magustuhan ng iba.

Unti-unti na siyang dinadalaw ng antok nang biglang kumatok sa pinto ng kanyang silid ang isa sa mga katulong nila. Kaagad niya itong pinapasok.

“Ma’am, may lalaki pong naghahanap sa inyo sa labas. Nagpupumilit pong pumasok, kilala n’yo daw po siya.”

“Ano’ng pangalan?”

“Alexi Mendoza daw po.”

Pagkarinig sa pangalan ng lalaki ay kaagad siyang napabangon. “K-kilala ko siya. Okay lang na papasukin n’yo siya.”

“Opo, Ma’am.”

Paglabas ng kasambahay ay sumunod na rin siya rito. Dumerecho siya sa living room at hinintay ang pagpasok ni Alexi. Ano naman kaya ang dahilan at pinuntahan siya nito? Gabing-gabi na at isa pa, sa tuwing hinahatid siya nito sa bahay ay lagi itong tumatanggi kapag niyayaya niyang pumasok sa loob. Bakit kaya ito nandito ngayon?

Natigil siya sa pag-iisip nang pumasok na ang katulong kasama si Alexi. She couldn’t help but sigh at the sight of him. Napakaguwapo kasi nito, in that bad boy kind of way.

“Sige na, Selma, iwan mo na kami,” utos niya sa katulong. Kaagad itong sumunod at iniwan na sila.

“Ang higpit pala ng mga maid mo dito. Hindi talaga ako pinapasok hangga’t hindi sila sigurado na kilala mo nga ako.”

Hindi niya masisisi ang mga ito. Hindi kasi ang mga tipo ni Alexi ang madalas niyang nagiging bisita.

“Dapat lang naman, di ba?”

“I guess.”

“Upo ka muna. May gusto ka bang inumin? Coffee or something?”

Kampante itong naupo sa tabi niya. “No, thanks.”

“So, ba’t ka nga pala napadalaw?”

“Wala lang.” Tumingin ito sa kanya. “Kumusta nga pala ang date mo?”

Nagulat siya sa sinabi nito. Paano nito nalaman ang tungkol doon? Unless nakita nito ang ginawang paghatid sa kanya ni Lance. Kung totoo iyon, ibig sabihin ay kanina pa ito nasa tapat ng bahay niya.

“H-he’s a blind date. My friend set us up. Good match daw siya sa personality ko,” aniya. Ni hindi niya maintindihan kung bakit siya nagpapaliwanag dito.

“Ano naman ang tingin mo sa kanya?”

“He’s well-educated, conscientious, kind, well-mannered—”

“Bored the hell out of you, huh?” putol nito.

“That’s not what I’m about to say.”

“But since nasabi ko na...” There was a devilish grin on his handsome face.

Napabuntong-hininga na lang si Marla. “Since nasabi mo na, I’ll have to agree. Hindi niya nakuha ang atensyon ko.”

“I wonder why.”

Tiningnan niya ito nang derecho. “I guess he didn’t scare me enough.”

Nagpakawala ng isang malutong na tawa si Alexi. “Alam mo, minsan talaga binibigla mo ako sa mga sagot mo. Kaya siguro sobra akong natutuwa sa ’yo.”

Tumayo ito at lumuhod sa kanyang harapan. Ipinatong nito ang dalawang kamay sa magkabilang gilid niya. He met her gaze and smiled at her.

“Hey, I’m going to kiss you right now.”

Hindi kaagad nakapagsalita ang dalaga. Para siyang itinulos sa kinaupuan nang unti-unti nitong inilapit ang mukha sa kanya. At naramdaman na lang niya ang pagdampi ng mga labi nito sa kanyang bibig. She could faintly smell the musky scent of his cologne. And his breath tasted like that of fresh mint.

Sandali lang naghinang ang kanilang mga labi, but she felt like it was eternity.

Opposites Attract - Sansa Esguerra

Inilapit nito ang mukha sa kanya hanggang sa gahibla na lang ang pagitan nila. “Next time, Sweetheart, please close your eyes.”

Kaagad niyang kinuha ang isang throw pillow at itinakip iyon sa kanyang mukha. Dahil alam niya, sa mga sandaling iyon, mas mapula pa ang mukha niya sa isang nagmumurang kamatis!